Ang sinumang pumunta sa inyo – samantalang ang pasya ninyo ay nagkakaisa sa nag-iisang lalaki – na nagnanais na humati sa bukluran ninyo o magpawatak-watak sa pagkakaisa ninyo, patayin ninyo siya."}

Ayon kay `Arfajah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang sinumang pumunta sa inyo – samantalang ang pasya ninyo ay nagkakaisa sa nag-iisang lalaki – na nagnanais na humati sa bukluran ninyo o magpawatak-watak sa pagkakaisa ninyo, patayin ninyo siya."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Naglilinaw ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mga Muslim – kapag nagkaisa sila sa iisang tagapamahala at iisang komunidad pagkatapos may dumating na sinumang nagnanais na agawin ang kapamahalaan o nagnais ng pagpapawatak-watak ng mga Muslim para maging higit sa isang komunidad – ay kailangan na pumigil sa kanya o makipaglaban sa kanya bilang pagtulak sa kasamaan niya at pagpapadanak ng dugo ng mga Muslim.

http://sunnah.global/hadeeth/tl/show/58223